# Proyektong Mabilis Itayo sa Oak Street

SFMTA

Taglagas 2023

**PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON**
bumisita sa: SFMTA.com/OakQB

**MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN**
email: OakQB@SFMTA.com

## Pokus ng Proyekto

Layunin ng Proyektong Mabilis Itayo sa Oak Street ang pagbutihin ang kaligtasan at pag-access para sa mga taong naglalakad at nagbibisikleta sa **Oak Street (sa pagitan ng Stanyan Street at Baker Street) at JFK Drive (sa pagitan ng Kezar Drive at Stanyan Street)** at magbigay ng bagong koneksyon sa pagitan ng JFK Promenade ng Golden Gate Park at popular na ruta ng bisikleta ng Wiggle.
**Tingnan ang mapa sa likod na nagpapakita ng mga inaabot ng proyekto.**

Sinusuportahan ng proyektong ito ang pagpapatupad ng mga layunin at priyoridad ng Estratehikong Plano ng SFMTA at sinusuportahan ang inisyatibang Vision Zero ng San Francisco.

## Kasaysayan

- Maaaring matao sa mga abalang oras ang popular na daang Panhandle na ginagamit ng lahat. Ang alternatibong daanan ng bisikleta patungo sa silangan ay lilikha ng espasyo para sa mga taong naglalakad at mga pamilyang magkakasamang nagbibisikleta sa pamamagitan ng paghahandog ng hiwalay na pasilidad para sa mas mabilis na gumagamit at nagko-commute.
- Sasabayan ng daanan ng bisikleta patungo sa silangan sa Oak Street ang kasalukuyang daanan ng bisikleta patungo sa kanluran sa Fell Street.
- Ang proyekto ay magbibigay ng mga kinakailangang pagpapabuti sa koneksyon sa pagitan ng Panhandle at ng popular, at permanente na ngayong espasyong hindi dinadaanan ng sasakyan sa JFK Drive.
- Naghahandog ang proyekto ng pagkakataong itama ang laki ng mga dinadaanang lane sa Oak Street mula sa apat na lane patungo sa tatlo. Sa magkabilang dulo ng lugar ng proyekto, mayroon nang mas kaunting dinadaanang lane (2 patungo sa Oak mula sa Kezar Drive, at 3 na magsisimula sa Baker Street).onto Oak from Kezar Drive, and 3 starting at Baker Street).





## Timeline

| Taglagas 2023 - Taglamig 2024 | Tagsibol 2024 | Tag-araw 2024 |
|---|---|---|
| Konseptong Disenyo at Pakikipag-ugnayan sa Publiko | Pag-apruba ng Proyekto | Pagpapatupad |

# Mapa ng Pangkalahatang Pananaw ng Proyektong Mabilis Itayo sa Oak Street




Mga Simbolong Ginamit:

- Mga Abot ng Proyektong
- Mabilis Itayo
- Kasalukuyang Koneksyon ng

***Manatiling nakikibahagi!***
*Bumisita sa*
*SFMTA.com/OakQB*

## Mga Elemento ng Disenyo ng Proyekto

» Pagbawas ng dinadaanang lane at ang bagong protektadong daanan ng bisikleta patungo sa silangan sa hilagang panig ng Oak Street na kumokonekta sa JFK Drive Promenade na may protektadong daanan ng bisikleta ng Oak Street sa Baker Street

» Pinabuting karanasan para sa mga pedestriyan na nag-a-access sa Panhandle mula sa kapitbahayan ng Haight Ashbury

» Proyekto ng pagpapabuti ng interseksyon sa hinaharap sa JFK Drive at Kezar Drive upang mapabuti ang kaligtasan ng mga taong nagbibisikleta patungo sa silangan sa JFK Drive sa interseksyon ng Kezar Drive, kabilang ang bagong signal na pantrapiko (hiwalay sa proyektong mabilis itayo)



**311 Free language assistance** / 免費語言協助 / Ayuda gratis con el idioma / Бесплатная помощь переводчиков / Trợ giúp Thông dịch Miễn phí / Assistance linguistique gratuite / 無料の言語支援 / Libreng tulong para sa wikang Filipino / 무료 언어 지원 / การช่วยเหลือทางด้านภาษาโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย / خط المساعدة المجاني على الرقم